



ILALABAS KAAGAD: Nobyembre 25, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Air District ang pagpopondo para sa komprehensibong pag-aaral sa amoy sa Milpitas

Layunin ng pag-aaral na itong tukuyin ang mga pinagmumulan ng amoy na nakakaapekto sa Milpitas

SAN FRANCISCO – Kamakailan ay bumoto ang Lupon ng mga Direktor ng Air District ng Bay Area para aprubahan ang pagpopondo para sa isang komprehensibong pag-aaral sa amoy sa lugar ng Milpitas.

“Bagama’t nagkaroon ng mga pagpapahusay sa paglipas ng taon dahil sa pagtutulungan sa pagitan ng Air District, mga lokal na organisasyon, at ng komunidad, mayroon pa ring mga amoy sa Milpitas,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Gagamit ang pag-aaral ng mga pamamaraang nakabatay sa agham para tukuyin ang komposisyon at pinagmumulan ng mga amoy nang sa gayon ay matukoy kung anong mga pagpapahusay ang kinakailangan para mas mahusay na makontrol at maalis ang mga epektong ito.”

Kasabay ng pagdanas ng mahabang kasaysayan sa mga amoy, malaki na ang nabago sa industriya ng basura dahil sa mga pambuong estadong layunin sa pag-divert ng organic na basura, nang hindi mapunta ang basura sa mga tambakan at gumamit ng mga sustainable na opsyong nakakabawas sa mga epekto sa klima, kasama na ang mga amoy mula sa mga pasilidad sa pagproseso ng basura na nakakaapekto sa lugar ng Milpitas.

Noong 2015, nabuo ang Grupo ng mga Apektado sa Amoy sa South Bay (South Bay Odor Stakeholders Group) bilang forum para sa mga pinuno ng munisipyo, industriya, estado, at lokal na tagapangasiwa, kasama ang Air District, at mga miyembro ng komunidad para magtulungan sa pagtukoy at paglutas ng mga isyu sa amoy sa South Bay. Mahigpit na nagtulungan ang grupo kasama sina Kongresista Ro Khanna at Miyembro ng Asembleya na si Kansen Chu para makabuo ng mga estratehiya sa pagpapagaan ng amoy na tumutugon sa mga alalahanin ng komunidad. Inilahad ng mga apektado ang kahalagahan ng higit na pag-aaral at pag-unawa sa partikular na compound ng amoy at ang kontribusyon nito sa mga lokal na pasilidad sa basura na may layuning makabuo ng mga agaran at pangmatagalang estratehiyang makakatulong sa paglutas ng mga problema sa amoy sa komunidad.

Isasama sa pag-aaral ang paggamit ng mga bagong teknolohiyang magagamit para makatulong sa pagtukoy at pagbibilang ng mga compound na nagdudulot ng amoy at makakuha ng datos sa loob ng isang taong panahon o higit pa para makuha ang mga pagbabago ayon sa panahon at pagpapatakbo sa industriya ng basura. Nakatuon ang Air District sa misyong tulungan ang komunidad ng Milpitas na malutas ang mga problema sa amoy na malaki na ang naging epekto sa kalidad ng kanilang hangin.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[*Homepage ng Air District*](#) | [*Mga Pahayag sa Media*](#)